



Mga Komite sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang

Pagsuporta sa pag-ugnayan ng magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak

Ano ang Komite sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang (Parent Involvement Committee, PIC) at ano ang ginagawa nito?

Lahat ng mga lupon ng paaralan sa Ontario ay inaatasang magkaroon ng Komite sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang (PIC).

Ang mga PIC ay mahalagang katawan ng pagpayo sa lupon ng mag-aaral. Sinusuportahan nila ang nakakamit ng mag-aaral at kahusayan ng kalagayan sa pamamagitan ng mas pag-ugnay sa mga magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng:

- pagbigay ng impormasyon at payo sa lupon ng paaralan ng distrito sa pakikipag-ugnayan ng magulang at mga paraan upang makipag-ugnayan sa mga magulang
- pagsasagawa ng mga paraan na magagamit ng lupon upang suportahan ang pag-aaral ng kanilang mga anak sa bahay at sa paaralan
- pagbabahagi ng impormasyon at pagsuporta sa trabaho ng mga konseho ng paaralan.

Nagpapasya ang bawat PIC kung paano pinakamahusay na makakamit ang mga layuning ito, depende sa mga partikular na pangangailangan ng lupon at komunidad nito, organisasyon nito at mga miyembro.

Paano naiiba ang mga PIC sa mga konseho ng paaralan?

Tumututok ang mga konseho ng paaralan sa indibidwal na paaralan; ang mga PIC ay naglalaan ng payo sa antas ng lupon. Aktibong sinusuportahan ng mga PIC ang mga konseho ng paaralan ng kanilang lupon sa pamamagitan ng pagsuporta sa kanilang tungkulin sa pagpapalaganap ng pakikipag-ugnayan ng magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak at pagbabahagi ng impormasyon.

Sino ang maaaring sumali sa isang Komite sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang?

Pinamumunuan ang mga PIC ng mga magulang at karamihan sa mga miyembro nito ay mga magulang. Ang direktor ng edukasyon sa lupon ng paaralan at isang trustee ay mga miyembro rin, kaya ang mga magulang ay may direktang ugnayan sa lupon ng paaralan. Nagtatalaga ang PIC ng hanggang tatlong miyembro ng komunidad. Nagpapasya ang mga PIC kung isasama ang ibang mga miyembro, katulad ng mga punong-guro, mga guro at kawani ng suporta upang tugunan ang mga lokal na pangangailangan. Ang mga miyembro na magulang ay magsisilbi ng terminong isa o dalawang taon. Ang bawat miyembro na magulang ay kailangang magulang o tagapag-alaga ng isang mag-aaral na naka-enroll sa isang paaralan na bahagi ng lupon na nagtayo ng PIC.

Maaari ba akong dumalo sa mga pulong?

Oo. Lahat ng tao ay maaaring dumalo sa mga pulong ng PIC at matuto mismo kung paano gumagana ang mga PIC. Ang mga pulong ay ginaganap hindi bababa sa apat na beses bawat taon. Suriin ang website ng lupon upang malaman kung kailan at saan gaganapin ang mga pulong, pati na ang mga natala ng mga nakaraang pulong.

Ginagabayan ba ng patakaran ng edukasyon ang trabaho ng mga PIC?

Oo. Katulad ng lahat ng mga katambal sa edukasyon, nagbibigay tugon ang mga PIC ng mahalagang tungkulin sa pagtupad sa pananaw at mga layunin ng patakaran ng Ontario sa pakikipag-ugnayan ng magulang upang suportahan ang pagkamit ng mag-aaral at kahusayan ng kalagayan. Pinamamahalaan din ang mga PIC ng [Regulasyon ng Ontario 612/00](#).

Paano tumutulong ang mga PIC sa edukasyon sa Ontario?

Kapag magkasamang nagtutulong-tulong ang mga magulang at mga paaralan, maraming mga positibong resulta. Kasama dito ang mas mahusay na pagkamit ng mag-aaral, bawas na hindi pagpasok, mas mahusay na kaugalian at dagdag na kumpiyansa sa mga magulang tungkol sa edukasyon ng kanilang mga anak. Ang Ministro ng Edukasyon, mga lupon ng paaralan sa distrito at mga paaralan ay nakikinabang lahat mula sa mahalagang trabahong ginagawa ng mga magulang upang suportahan ang pag-aaral ng kanilang mga anak. Nakikinabang din sila mula sa pakikinig sa mga opinyon ng magulang at mga pananaw sa lokal, rehiyonal at panlalawigang mga antas.

Saan ako maaari pang matuto?

Bumisita sa ontario.ca/EDUparents upang matuto nang higit pa tungkol sa:

- [Mga Komite sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang](#) at pakikipag-ugnayan ng magulang sa mga paaralan ng Ontario at mga lupon ng paaralan
- [Pakikipagtambal sa Mga Magulang: Isang Patakaran sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang para sa Mga Paaralan sa Ontario](#)
- [Regulasyon ng Ontario 612/00: Mga konseho ng paaralan at Mga Komite sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang](#)

